

Ika-20 ng Marso, 2020
Anchorage, Alaska

Mahal naming mga Pamilya at Kawani sa ASD,

Ngayong hapon, inanunsiyo ni Gov. Dunleavy na palalawigin niya ang pagsasara ng eskuwelahan sa buong estado hanggang Mayo 1 sa patuloy na pagsisikap para isulong ang pagdistansya sa lipunan at panatiliing ligtas ang lahat ng mga taga-Alaska. Sa panahong ito ay mapapayagan ang mga distrito ng eskuwelahan sa buong estado na ganap na magbuo ng epektibong paraan ng malayuang pag-aaral. Para sa ASD, ito ay nangangahulugan na ipagpapatuloy namin ang aming pagpapalano na makapaghatid ng mga opsyon ng malayuang pag-aaral para sa lahat ng antas. Sa panahong ito, kami ay nasa landas na simulan ang pagpapakilala ng limitadong hanay ng mga opsyon na ito para sa mga estudyante sa Marso 31. Sa ngayon, mayroong mga edukasyonal na mapagkukunan sa aming [website](#) para panatiliing aktibo at natututo ang isip ng mga bata.

Pagsulong ng Pagpapalano para sa mga Estudyante sa Elementarya:

Ang mga magulang ay ang pinaka-una palagi at pinaka-importanteng mga guro ng bata. Sa ASD, kinikilala namin na ang mga magulang ang aming pangunahing suporta sa panahon na nasa grado ng elementarya. Kasama sa kasalukuyang mga plano para sa pre-K – 6 na grado sa buong distrito ang mga pangunahing module ng pagtuturo na nilikha para sa lahat ng mga guro, kasama ang mga pandagdag na mga gawain na idinisenyo ng mga indibidwal na guro. Ang bawat eskuwelahan ay mag-aalok ng mga suporta sa live online na pagtuturo para sa mga estudyante at mga guro, bilang karagdagan sa teknikal na suporta na mga hotline. Habang inuuna namin ang Sining sa Ingles na Wika at Matematika, ang mga guro ay mag-aalok pa rin ng pandagdag na paksa na pipiliin nila. Kami ay mag-aalok din ng mga pang-suportang materyales na nasa elektronikong bersyon at papel/lapis na mga pakete. Ang mga oras at lokasyon para kunin ang papel/lapis na mga pakete ay iaanunsiyo sa nalalapit na hinaharap.

Pagsulong sa Pagpapalano para sa mga Estudyante sa Panggitnang Eskuwelahan:

Sa mga gitnang grado, ang mga magulang ay mahalagang kapareha sa pagsuporta sa pagsusumikap ng eskuwelahan sa pagtuturo at pagtulon na pangasiwaan ang mga gawain ng estudyante. Kasama sa kasalukuyang mga plano para sa mga estudyante sa panggitnang eskuwelahan sa mga grado na nasa 6-8 ay ang kombinasyon ng online na kursong-gawain at pandagdag na nilikha-ng-mga-guro na mga gawain gamit ang dalawang online na mga plataporma: Canvas at APEX. Habang ang Sining sa Ingles na Wika at Matematika ang magiging prayoridad, ibang mapipiling pandagdag na mga gawain ay iaalok din.

Pagsulong sa Pagpapalano para sa mga Estudyante sa Mataas na Paaralan:

Sa mataas na paaralan, ang mga estudyante ay pasulong sa pagiging malaya at naghahanda para sa tagumpay sa buhay. Kung kaya, ang aming paunang kurso na iniaalok ay pangunahing nakatuon sa mga kurso na kailangan sa pagtatapos. Prayoridad ang ibibigay sa mga senior upang hindi maabala ang kanilang mga plano pagkatapos nilang magtapos sa mataas na paaralan. Iba pang mga

mapagpipilian ay iaalok habang ginagawa namin ang mga yunit sa Canvas online na plataporma. Pinaplano namin na i-alok ang pinalawig na oras sa panahon ng tag-araw para sa mga estudyante na nangangailangan pa ng mga kredito para makapagtapos. Naiintindihan namin na ang aming mga estudyante ay naghahanda para sa kolehiyo at sa puwersa ng paggawa, kaya ang ASD ay magpapatuloy sa pagsuporta sa kanilang transisyon sa pamamagitan ng pagtulong sa mga estudyante para sa mga talaan ng mga grado, mga aplikasyon sa pagiging iskolar, at iba pa.

Mga Estudyante na may Espesyal na mga Pangangailangan:

Ang aming mga kawani ay makikipag-ugnayan sa bawat pamilya upang masiguro na ang lahat ng mga indibidwal na pangangailangan ay matutugunan. Kinikilala namin na ang kakayahang umangkop at pagka-malikhain ay maaaring kailanganin upang tumulong at magawa ang mga indibidwal na isyu sa pagtugon sa mga natatanging pangangailangan ng mga estudyante.

Mga Mapagkukunan ng Teknolohiya:

Layunin namin na ang lahat ng mga estudyante na nasa mataas na paaralan ay may magagamit na maayos na teknolohiya, simula sa mga senior para masiguro na ang mga plano sa pagtatapos ay hindi maantala. Kapag mayroon na ang mga estudyante sa mataas na paaralan ng mga aparato at mga koneksyon na kailangan nila upang matagumpay na magawa ang mga gawain sa kurso, saka namin gagawin ang mga pangangailangan sa teknolohiya ng panggitnang eskuwelahan. Ang mga lokal na kumpanya ng internet ay nakapag-alok na magbigay ng mga libreng serbisyo at/o pagpapataas, kaya bisitahin ang [website](#) para sa karagdagang impormasyon.

Sa buod...

Kami ay nagpapasalamat sa inyong pasensya habang ginagawa namin na mabuo ang mga suporta at pagsasanay ng mga estudyante, mga magulang, at mga kawani na kailangan para masimulan ang gayong ambisyosong pagsisikap.

Gaya ng nakasaad, ang Distrito ay nakagawa na ng iba't-ibang [pandagdag sa pag-aaral na mga materyales](#) na magagamit para sa mga magulang, mga tagapangalaga, at mga estudyante para manatili silang nakaugnay sa buong hanay ng mga paksa. Sa maraming mga kaso, ang mga guro ay nakipag-ugnayan na sa mga estudyante at mga magulang para suportahan sila sa mga ideya at mga gawain habang nasa panahon ng pagpaplanong ito.

Ang mga serbisyo sa Nutrisyon at Transportasyon ng Estudyante sa ASD ay magpapatuloy para makapagbigay ng libreng pagkain sa ating mga estudyante na nangangailangan nito sa *itinalagang mga eskuwelahan at mga ruta ng bus*, at ang aming nakatuon na nars ng eskuwelahan ay magpapatuloy sa pagbibigay ng mahalagang mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan.

Nais kong malaman ng ating mga estudyante na kami ay magpapadala ng mas detalyadong update sa mga palakasan sa tagsibol at mga gawain sa susunod na linggo. Bilang karagdagan, sa aming mga empleyado, mangyaring malaman na kami ay mag-a-update sa inyo agad sa aming pasulong na mga plano sa trabaho. Ang aming layunin ay panatilihin na ang ating mga estudyante ay abala at ang aming kawani ay makapagtrabaho ng kapaki-pakinabang para sa natitirang araw ng eskuwela.

Ako ay patuloy na napapahanga sa talino, pakikiramay, at walang pasubali na pangako na ipinakita ng aming pangkat sa ASD sa nakalipas na tatlong linggo. Ang aming abilidad na magsama-sama bilang isang pangkat at gawin ang nararapat sa aming mga estudyante, mga pamilya, at komunidad ay tunay na nakakamangha.

Buong katapatan,

Dr. Deena Bishop
Tagapamanihala